

Tulong sa pag-aaral bumasa ang inyong anak Para sa mga magulang/tagapag-alaga ng mga batang nasa Kindergarten hanggang Year 3

Mga Nilalaman

- Paghahanda upang maganahan sa pagbabasa
- Madaling paraan
- Listahan ng 10 pinakamabiling aklat pambata
- Mga rekomendadong paraan upang maging kawili-wili ang kuwentuhan at pagbabasa
- Pagbabasa saan mang lugar
- Paggamit ng kompyuter
- Paano kung nahihirapan sa pagbasa ang aking anak
- Paano kung ang aking anak ay nagsasalita ng ibang wika
- Paano kung ang aking anak ay may kapansanan

Ang pagbabasa kasama ng inyong anak ay mahalaga

- Ang pagbabasa at pag-uusap tungkol sa mga kuwento ay magandang paraan ng pagpapakita sa inyong anak kung gaano nakakawili at mahalaga ang pagbasa – at magandang pagpalipasan ninyo ng oras na magkasama.
- Ang magkasama ninyong pagbasa ang inyong anak ay nagbibigay buhay sa mga kuwento at mga tauhan sa aklat.
- Ang pagbabasa ay nakakatulong sa inyong anak na malaman na ang mga kuwento ay may simula, gitna at katapusan, at mayroon ding mga tunog at tularan (pattern) ng mga salita.
- Ang pagbabasa ay nakakatulong sa inyong anak na malaman kung ano ang uri ng mga kuwentong kanilang kinagigiliwan.
- Ang inyong anak ay lalong gustong magbasa kung nakikita kayo ay mismong nagbabasa.
- Ang mga batang nawiwiling magbasa sa bahay ay lalong magiging matagumpay sa pag-aaral ng pagbasa sa paaralan.

Paghahanda upang maganahan sa pagbabasa

- Maglaan ng isang natatanging panahon upang magkasama kayong magbasa. Sampung minuto lamang na walang disturbo bawat araw ang kinakailangan – at maaaring kahit anong oras ito.
- Piliin ang isang natatanging lugar, katulad sa higaan o sa silyang ginugusto, upang kompartable at maluwag ang kalooban na magkasamang magbasa. Maaari din kayong bumili ng isang natatanging 'reading beanbag'.
- Hindi lamang sa bahay na maaari kayong magbasa. Gawing isang masayang karanasan ang pagbabasa sa beranda, sa lilim ng kahoy o sa malapit na liwasan.

Mga madaliang paraan

- Hikayatin ang lahat ng kapamilya na magbasa kasama ng inyong anak – at hilingin sa mga bisita na magbasa din sila.
- Damihan ang mga babasahin sa bahay o habang naglalabay katulad ng mga komiks, magasin at mga pang-impormasyong aklat.
- Pag-usapan ang tungkol sa pagbasa kung may panahon.
- Magbasa tungkol sa ibat-ibang bagay, di-lamang tungkol sa kuwentong aklat.
- Hikayating piliin ng inyong anak ang gusto niyang basahin ninyong dalawa.

- Magregalo ng mga aklat.
- Magsulat ng mga tala at iwanan ito sa ibaba ng unan o pinggan ng inyong anak.
- Maglaro ng mga larong gumagamit ng tabla at kompyuter na nangangailangan ng pagbasa.
- Sumulat ng mga mensahe sa isang pisara o message board.
- Basahin ang mga katalogo na dumarating sa koreo at pag-usapan ang mga bagay na gusto ninyong bilhin.
- Pumili ng isang natatanging lugar para paglagyan ng mga libro upang ipakita ang kahalagahan ng pagbabasa.

Listahan ng 10 Pinakamabiling Aklat Pambata

Narito ang isang listahan ng 10 aklat mula sa Department of Education and Training na inirerekomenda sa mga guro at aklatan sa paaralan.

- 1 **Storytime: First Tales for Sharing** nina Stella Blackstone at Anne Wilson (Barefoot Books)
- 2 **The Potato People** ni Pamela Allen (Penguin Books [Viking])
- 3 **The Very Hungry Caterpillar** ni Eric Carle (Puffin Books)
- 4 **I Will Not Ever Never Eat a Tomato: Featuring Charlie and Lola** ni Lauren Child (Orchard Books)
- 5 **Hairy Maclary from Donaldson's Dairy** ni Lynley Dodd (ABC Books)
- 6 **Where is the Green Sheep?** nina Mem Fox at Judy Horacek (Penguin Books [Viking])
- 7 **Queenie the Bantam** ni Bob Graham (Walker Books)
- 8 **Not a Nibble!** ni Elizabeth Honey (Allen & Unwin)
- 9 **Ernie Dances to the Didgeridoo** ni Alison Lester (Hodder Children's Books)
- 10 **Highway** ni Nadia Wheatley at Andrew McLean (Omnibus Books [Scholastic Group])

May mga pagsusuri (reviews) sa mga pambatang aklat na mabasa sa website ng Kagawaran ng Edukasyon: det.wa.edu.au/education/cmis/eval/fiction/whichbook.

Mga rekomendasyon para magiging kawili-wili ang kuwentuhan at pagbabasa

Bago magbasa

- Pabayaan ang inyong anak na kumuha ng isang aklat at pag-usapan kung bakit pinili niya ito.
- Sabihin sa bata na buklatin ang aklat at sabihin sa iyo kung ano ang mga nilalaman nito.
- Ituro ang pangalan ng sumulat at kung nagigiliwan ang bata ang aklat, magmungkahi na bumasa uli siya ng iba pang aklat na pareho ang sumulat.
- Kung kayo ay nagbabasa ng aklat na nagtatagal ng ilang araw, sabihin ang buod ng nakaraang bahagi ng kuwento bago tumuloy sa bagong bahagi nito.

Habang nagbabasa

- Pag-usapan kung ano ang mga isinasalarawan.
- Ituro ang mga mahahalagang salita at ipaliwanag ang mga salitang maaaring di-alam ng inyong anak.
- Kadalasang ihinto ang pagkukuwento at magtanong, *'Ano sa palagay mo ang susunod na mangyari?'* Tanggapin ang sagot kahit na di-lubos na tama. Maaari ninyong tanungin, *'Bakit mo naiisip ito?'*
- Paminsan-minsan, magtanong ng 'bakit' tungkol sa kuwento. Halimbawa, *'Bakit binanggit ng sumulat ang bagay na ito sa kuwento?'*

- Sagutin ang mga tanong ng bata kahit na nakakaabala ang mga ito sa daloy ng kuwento.
- Kung nawalan ng interes ang bata sa aklat, itabi ito at pumili ng iba.

Pagkatapos magbasa

- Pag-usapan ang kuwento at hikayatin ang inyong anak na basahin uli ang mga bahaging nagugustuhan niya.
- Hikayatin ang inyong anak na ikuwento ito sa iyo o sa ibang kapamilya.
- Ikumpara ang mga tauhan sa aklat sa mga kilala ninyong mga tao.
- Pag-usapan ang tungkol sa mga tao, kung ano ang mga pangyayari at saan at kailan nangyari ang mga ito. Halimbawa, *“Sino ang pinakagusto ninyong tao?” “Saan nangyari ang kuwento”*.
- Pag-usapan kung bakit sinulat ang aklat at kung ano ang mga mabubuting aral na naidudulot ng kuwento.
- Sa mga aklat na may maraming impormasyon, tanungin ang inyong anak kung ano ang kanilang nalaman, halimbawa, *“Ano ang inyong nalaman tungkol sa mga dinosauro sa aklat na ito?”*

Ano ang mangyari kung ayaw kong bumasa ng malakas para sa aking anak?

- Pag-usapan ang tungkol sa mga larawang nasa isang aklat at gagawa ng mga kuwentong nababagay na kasama nila.
- Samahang bumisita ang inyong anak sa pinakamalapit ninyong aklatan upang makinig sa mga sesyon ng pambatang pagkukuwento at humiram ng mga libro at CD.
- Makiusap sa mga taong kakilala ninyong mahilig magbasa upang magbasa sila para sa inyong anak – maaaring ang mga ito ay mga kaibigan o kapamilya pati na ang mga nakatatandang kapatid
- Mangupya ng mga librong interactive mula sa internet.

Pagbasa saan mang lugar

Kahit saan, magbasa at pag-usapan ang tungkol sa mga salita at pagsusulat sa normal na buhay. Nakakatulong ito sa pagpapakita kung gaano kahalaga ang pagbasa- na ito ay ginagamit sa lahat ng oras at para sa maraming bagay.

- Gumawa ng listahan ng mga bibilhin na kasama ang inyong anak at dalhin siyang tumulong sa pagpili ng mga bibilhin sa pamamagitan ng pagbasa sa mga etiketa.
- Magkasamang magluto at sabihin sa inyong anak na basahin niya sa iyo ang resipi.
- Tingnan sa TV guide upang makapamilya ng mga programang gusto ninyong papanuoring dalawa.
- Habang nakasakay kayo sa kotse, bus o tren, pag-usapan ang tungkol sa mga paskil, marka at anunsyong nasa daan.
- Kumuha ng mga librong babasahin habang naghihintay ng doktor o dentista.
- Hikayatin ang inyong anak na magbasa at sumunod sa mga simpleng tagubilin kung paano maglaro sa kanilang mga paboritong laruan.
- Pag-usapan at ibahagi ang mga nilimbag na nabasa na ninyo, halimbawa: ang mga peryodiko, katalogo, magasin, aklat ng resipi, mapa ng kalsada at diksyonaryo.
- Magpatulong sa inyong anak sa paggamit ng mga ito. Halimbawa: *‘Maaari bang tulungan mo akong hanapin kung nasaan ang Smith Street sa direktoryo?’*
- Bumisita sa aklatan. Higit sa mga aklat, mayroon pa silang mga CD, DVD at magasin, libreng paggamit ng internet at mga natatanging sesyon ng pagkukuwento para sa mga bata. Hanapin ang inyong aklatan sa: **www.slwa.wa.gov.au** at puntahan sa titulong: ***How do I find.***

Paggamit ng kompyuter

May mga batang lalong nagugustuhan ang kompyuter kaysa mga aklat. Hindi pwedeng palitan ng kompyuter ang aklat at mga iba pang uri ng babasahin ngunit nakakatulong ito sa pag-aaral ng inyong anak.

Para sa pagsasanay sa pagbasa sa pamamagitan ng kompyuter, kayo at ang inyong anak ay maaaring makisabay sa pagbasa ng mga aklat sa CD o maghanap ng impormasyon tungkol sa mga paboritong manunulat o mga gustong paksa. Maaari kayong magsulat ng inyong kuwento, tula o bugtong, magdagdag ng mga larawan o maghanap ng mga larawan sa internet.

Maraming mga websites ay may mga libreng “interactive books” at mga gawaing pambata:

- Mapapakinggang magkuwento ang kilalang manunulat Australyano na si Mem Fox sa: **www.memfox.com/mem-reads-aloud/**
- Isang napapakinggang kwentong aklat tungkol sa mga baboy na naghahanda para sa isang pamimingwit ang nasa: **www.abc.net.au/children/jakers/stories/allnight/**
- Bisitahin ang: **storynory.com** para sa mga libreng napapakinggang aklat mula sa internet. Maaari kayong maghanap sa mga iba pang lugar sa internet.

Paano kung nahihirapan ang aking anak sa pagbasa?

Kung may pangamba kayo na ang inyong anak ay may mga problema sa pag-aaral sa pagbasa, kausapin ang kanyang guro. Maaari niyang ipaliwag kung paano umuunlad ang pagbasa ng inyong anak at mapag-usapan kung paano kayo susuporta nito. Maaari rin silang magsabi kung may pangangailangan na makipagkita kayo sa mga may dalubhasa kung may mga pangamba kayo.

Paano kung ang aking anak ay nagsasalita ng ibang wika?

Ang mga batang nag-aaral magsalita ng Ingles bilang ikalawang wika ay nangangailangan ng patuloy na suporta sa unang wika at sa Ingles.

Kung kayo ay nagbabasa para sa inyong anak sa kanilang unang wika, kayo ay tumutulong sa kanila upang makapag-aral ng mga salita at balarila sa kanilang unang wika. Sila ay maaaring nakakapag-aral ng pagbasa sa isang wikang kilala na nila.

Ang pagbabasa sa inyong unang wika ay nagbibigay ng pagkakataon na makasama ang inyong anak sa pag-aaral ng pagbasa na hindi nangangailangang gumamit ng Ingles kung hindi pa kayo gaanong sanay nito.

May mga batang maaaring makapagbasa sa kanilang unang wika. Ang mga wikang ito sa dapat mahalín. Gamitin ito sa pag-aaral ng inyong anak ng ikalawang wika. Ang mga batang nakakapagbasa ng unang wika ay kadalasang lalong madaling makapagbasa sa Ingles kaysa sa mga batang nagsisimula pa lamang na mag-aral sa mga konsepto ng pagbasa.

Kung ang mga bata ay nag-aaral ng pagbasa sa Ingles, mahalagang gamitin ang mga ibang paraan nasa aklat na ito, at hindi lamang sa mga salita, upang ito ay may kahulugan.

Paano kung ang aking anak ay may kapansanan?

Ang mga batang may kapansanan ay nakakabenepisyo at nawiwili sa malapitang ugnayan at paghihikayat kung may mga taong bumabasa para sa kanila. Ibat-ibang mga paraan at bilis ang kanilang pag-aaral. Maaari ninyong gamitin ang impormasyon sa aklat na ito upang matulungan ang inyong anak kung kayo ay magkasamang nagbabasa.

Ang mga batang may ibat-ibang pangangailangan sa pag-aaral: may kapansanan sa katawan, kahirapan sa pagsasalita at wika, problema sa pagkita o pagdinig o may mga mataas na pangangailangan, ay maaaring kinakailangang gumamit ng mga natatanging kagamitan o makinarya upang tumulong sa kanilang pag-aaral sa pagbasa. Halimbawa, ang mga aklat na malaki ang mga pagkasulat o nasa Braille, aklat na tumutunog, mga tulong sa pagdinig at mga programa ng pag-aaral na nasa kompyuter.